## Sino ang maaaring lumahok?

Inaanyayahan ang mga sumusunod na magbahagi ng kanilang kwento:

- Nanirahan at/o nagtrabaho sa ibang bansa at bumalik sa Pilipinas sa loob ng nakaraang limang taon
- Nanirahan at/o nagtrabaho sa ibang bansa ng hindi bababa sa isang taon
- May edad na 18 taong gulang o pataas

## Paano ilalagak ang aking datos mula sa panayam?

Itatago namin ang lahat ng impormasyong ibinabahagi mo sa amin nang ligtas sa isang protektado at naka-encrypt na drive. Ang iyong pangalan ay hindi ikokonekta sa iyong panayam, o anumang impormasyon na maaaring makilala ka, at itatabi sa loob ng 10 taon ayon sa mga pamantayan ng pananaliksik sa Netherlands.

## Paano ako magiging kalahok?

Kung ikaw ay interesadong lumahok sa pag-aaral na ito, mangyari lamang na makipag-ugnayan ka sa amin. Kami ay mga mananaliksik mula sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman.

*Name*
*Email*
*Phone Number*

**Maaari kang makakuha ng karagdagang impormasyon sa:**
**[www.reintegrate.com](http://www.reintegrate.com)**

European Research Council
Established by the European Commission

Ang Reintegrate ay nakatanggap ng pondo mula sa European Research Council (ERC) sa ilalim ng European Union's Horizon 2020 research and innovation programme (grant agreement No. 949151)

REINTEGRATE

# Exploring Reintegration Experiences and Governance

UNIVERSITY OF AMSTERDAM

## Ang ‘Reintegrate’ ay isang 5-taong proyekto na nag-e-explore kung paanong ang mga proseso para sa pamahalaan ng reintegrasyon ay nakakaapekto sa mga karanasan ng mga bumalik na migrante.

Maraming tao ang walang karapatang manatili sa mga bansa ng pandarayuhan at bumalik sa kanilang bansa sa pamamagitan ng iba't ibang uri ng mga programa at patakaran. Ang pagbabalik na ito ay maaaring piliin o sapilitan.

Sa kanilang pagbabalik, madalas na sila ay dumadaan sa panahon ng ‘adjustment.’ Maaaring magkaroon ng higit na kagalakan sa kanilang pagbabalik at muling makapiling ang kanilang pamilya. Ngunit maaari ding magkaroon ng mga hamon sa paghahanap ng bagong trabaho at muling pagkonekta sa lipunan.

Sa ilang bansa ay may mga suportang inaalok sa mga taong bumabalik upang tulungan silang mag-adjust pagkatapos nilang bumalik.

## Bakit mahalaga ang iyong kwento?

**Ang mga taong nangibang-bansa at nagbalik sa kanilang bansa ay may iba't ibang karanasan sa kanilang pangingibang-bansa at pagbabalik. Kaunti pa lamang ang nalalaman tungkol sa kung paano sinusuportahan ng iba't ibang bansa ang mga taong bumalik at kung ang suporta na ito ay nakakaapekto o hindi batay sa kanilang karanasan. Gusto naming marinig ang iyong karanasan at kung ano ang nakatulong sa iyo o hindi. Ano ang maaaring magiging kapaki-pakinabang sa iyo? Mayroon ka bang anumang mga rekomendasyon kung paano pagbutihin ang mga serbisyo sa mga bumalik na migrante? Gusto naming marinig ang iyong kuwento at maunawaan kung paano kami makakagawa ng mga mungkahi para suportahan ang mga bumalik na migrante.**

## Paano ko malalaman ang tungkol sa iyong kwento?

Makikinig kami sa iyo at magtatanong tungkol sa iyong karanasan sa pangingibang-bansa at sa iyong pagbalik sa Pilipinas. Kung may mga katanungan na hindi mo nais sagutin, wala itong problema at tayo ay magpapatuloy sa ibang tanong.

## Paano ang iyong privacy?

Ang paglahaok sa pag-aaral na ito ay laging boluntaryo at maaari kang magpasyang hindi magpatuloy anumang oras sa panayam at 30 araw matapos isagawa ang panayam. Ang iyong pangalan at contact information ay mananatiling pribado at hindi ibabahagi sa iba.

## Paano ka makikinabang sa proyektong ito?

Walang inaasahang magiging direktang benepisyo sa iyo ang paglahok sa proyektong ito. Wala din kaming kakayahang matulungan ka sa iyong sitwasyon. Subalit, inaasahan naming matuto mula sa iyo na gumawa ng mga mungkahi para sa mga patakarang maaaring makatulong sa mga bumabalik na migrante at kanilang pamilya sa hinaharap.